wika, umaangat sa paningin ang wikang dayuhan, habang bumababa sa estimasyon ang sariling wika. Kung walang magpupunyaging isalin sa katutubong wika ang mahahalagang literatura at produktong intelektuwal ng mga banyagang kultura, iisipin ng marami na may likas na kakapusan ang ating sariling wika; at walang ibang lunas kundi pagsikapang pag-aralan ang wikang dayuhan.

Walang wikang umuunlad kung hindi ito nababasa't naisusulat. Walang wikang umuunlad kung ito'y hindi sinasanay na maglulan ng mga kaisipang hango sa ibang mga kultura. Kailangang makipag-usap ang ating katutubong wika sa mga wika ng ibang bansa, sa halip na isantabi ito sa muling pag-aakalang hindi na ito angkop sa nagbabagong panahon.

Halos lahat ng mga bansang nakapagpundar ng sariling pambansang wika, isang wikang ginagamit sa negosyo, politika, pagtuturo, batas at gobyerno, kultura, at pang-araw-araw na komunikasyon, ay mga bansang nagpatupad ng isang mahigpit na patakarang pangwika sa simula pa lamang ng kanilang pagsasarili bilang isang bansa. Lahat sila'y gumamit ng poder ng estado upang mabigyan ng sapat na pagkakataon at puwang ang napiling pambansang wika na maging bahagi ng karanasan ng bawat mamamayan. Dahil dito, mas may kahandaan silang tumanggap sa hamon ng mga pandaigdigang wika at lagumin ang mga ito sa loob ng kanilang mga sariling wika. Nakakayanan nilang pagsilbihan sila ng mga dayuhang wika, sa halip na sila'y maging alipin ng mga ito.

Subali't ang isang lipunan na sa simula pa lamang ng kasaysayan nito bilang isang nagsasariling bansa ay nagpatangay na sa dinamismo ng isang pandaigdigang kultura at kabihasnan, ay mahihirapan nang gumamit ng awtoritaryong pamamaraan para magpataw ng isang programang pangwika na hayagang sasalungat sa lohika ng modernisasyon at globalisasyong nakabatay sa Ingles. Mahigpit itong tututulan sa ngalan ng demokrasya't katarungan, sa kabilang banda naman, ang isang bilingguwal na patakaran ay nauuwi sa konsuwelo de bobo lamang — kung walang tulak na manggagaling mula sa hanay ng mga guro, intelektuwal, at mga taong mass media.

Ito ang aking kongklusyon: huli na para mangarap tayo ng isang pambansang pamunuang magtatampok sa katutubong wika bilang sagisag ng pagsasarili, at handang itumba ang kaharian ng wikang Ingles sa ating lipunan. Subalit hindi pa huli upang gumising tayo't magkusa — sa bawat maliit na larangang ating kinikilusan — na ipalutang sa himpapawid ang himig ng ating pambansang wika, nang walang pag-aatubili, pag-aalinlangan, o pangingimi. Sa madaling salita, kung gusto nating lumaya ang ating wika, gamitin natin itong sandata — ngayon at sa bawat okasyon.

Ralph G. Recto

3 Ang Wikang Filipino ay Wika ng Pagbabago: Ang Wikang Filipino sa Pamahalaan

Ang Wikang Filipino ay Wika ng Pagbabago

KABAHAGI ang wikang Filipino sa proseso ng pagbabago at pagkakaisa sa ating pamahalaan at lipunan.

Sinabi ng Konstitusyon na Filipino ang ating pambansang wika. Na tungkulin natin itong paunlarin at pagyamanin batay sa mga wikang nasyonal at rehiyonal. Ayon sa Konstitusyon, Filipino ang dapat midyum ng opisyal na komunikasyon at pagtuturo sa mga paaralan.[1]

Ito ang itinatakda ng pangunahing batas sa ating lipunan. Ngunit pambansang wika natin ang Filipino hindi lang dahil sinasabi ito ng Konstitusyon. Kung iisipin natin, nakasulat ang mga probisyong iyon dahil sa tagumpay ng tinig ng mamamayan. Pambansang wika natin ang Filipino dahil ito ang buhay na wika ng ating mga kababayan.

Kung magiging tapat ang Konstitusyon sa panata nito ng demokrasya at aktibong partisipasyon ng mamamayan, dapat lang na kilalaning pambansang wika ang wika ng masa. Para sa akin, ito ang tunay na kabuluhan ng pambansang wika. Hindi lamang dahil sa iisa ang wikang ginagamit sa mga silid-aralan. O sapagkat ito ang ginagamit sa opisyal na komunikasyon at mga transaksiyon sa pamahalaan. Hindi lang dahil ipinagdiriwang natin ang *Buwan ng Wika* taon-taon. Kundi dahil tayo'y nakikipag-usap, nagkukuwento, nananaghoy ng pangangailangan, at nagpapahayag ng kaisipan sa wikang ito. Sa wikang Filipino binibigyang-tinig ang tuwa, kalungkutan, galit, pag-asa, at pangarap ng ating mga kababayan.

Ang Wikang Filipino sa Ehekutibo

Nang sinabi ng dating Pangulong Joseph Estrada sa kaniyang Pasinayang Talumpati, na siya'y "huwag subukan," madaling tumimo sa isip ng mamamayan ang mensaheng iyon.[2] Isa iyon sa pinakasimple ngunit pinaka-ekspresibo at makabuluhang pahayag sa kaniyang talumpati. Sa mga pahayagan at usap-usapan, naging laman ng talakayan ang talumpating iyon—ang unang Pasinayang Talumpati

ng Pangulo sa wikang pambansa. Nagsalita sa Filipino ang dating Pangulo. Naihayag ang mensahe sa ating mga kababayan. Nakinig ang sambayanan. Halos ganito rin ang naging epekto ng talumpati ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa kanyang talumpati para sa kaniyang kauna-unahang SONA o State of the Nation Address na ipinahayag nang salita sa Filipino at Ingles. Sa madaling salita, mas nadarama ang kanilang mensahe kung nasa sarili nating wika ang pagpapahayag..

Higit sa lahat, naitampok nito ang instrumentong plataporma ng dalawang pangulo: ang makalahok na ang karaniwang mamamayan sa pagpapatakbo ng bayan. Dito makikita natin kung paano naitutulay o napag-uugnay ng wikang Filipino ang pamahalaan at mamamayan; kung paano naipapakita na ang pamahalaan ay madaling lapitan at tunay na nakikinig sa mga tao. Ang pamahalaan, ang estruktura at proseso ng pamamahala, at iba pang politikal na realidad, ay nagkakaroon ng mas katanggap-tanggap na mukha.

Sa ehekutibong sangay ng pamahalaan, ang pangunahing tauhan ay ang Pangulo. Ngunit ang tunay at tuwirang mukha ng gobyerno para sa karamihan sa atin, ay ang mga departamento, ahensiya, at opisinang nagpapatupad ng batas at programa; at mga pamahalaang lokal na gumagalaw sa mga lalawigan, lungsod, munisipyo, at baranggay.

Noong sariwa pa ang ratipikasyon ng Konstitusyon sa ilalim ng administrasyon ng Pangulong Aquino, inilabas ang Kautusang Tagapagpaganap Bilang 335, na siyang nag-uutos sa mga ahensiya ng gobyerno na gamitin ang wikang Filipino sa lahat ng opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya. [3] Kasama sa kautusang ito ang pagsasalin sa Filipino ng mga pangalan ng mga ahensiya ng gobyerno, pati mga anunsiyong nakapaskel o "signboard" sa mga publikong gusali at opisina. Iniutos din na gawing Filipino ang Panunumpa sa Tungkulin ng mga opisyal at empleado ng gobyerno. Kahit na maaari pa ring gamitin ang wikang Ingles, sinasabi ng Kautusan na gawing masidhi ang paggamit ng wikang Filipino sa pamahalaan. [4]

Walang mga estadistika na magpapatunay ng pagsunod ng mga departamento at lokal na pamahalaan sa Kautusang ito, pero ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), sumusunod naman daw ang karamihan sa mga ahensiya. Kaya ang dating *Passport* ay may tatak nang *Pasaporte*. Ang mga *routing form* at iba pang transaksiyon ay nakasalin na rin sa Filipino. At halos lahat ng pangalan ng mga opisina ay nasa Filipino na. Isang di-malilimutang halimbawa nito ang tanggapang lumilikha ng perang umiikot sa ekonomiya natin—ang "Limbagan ng Panagot, Pandayan ng Pera, at Dalisayan ng Ginto." Mukhang matagal pinag-isipan at pinaghirapang isalin ang pangalang iyon. Pero nang minsang tawagan namin ang opisinang ito, hindi alam ng mga empleadong nakausap namin ang pangalan ng opisina nila. At kinakailangan

pang tingnan ng guwardiya sa ibaba kung ano nga ba ang nakasulat na pangalan sa Filipino sa labas ng gusali.

Napakalaking bagay na maisalin ang mga transaksiyon at operasyon ng gobyerno sa wikang naiintindihan ng tao—sa pagproseso ng permit, sa pagkuha ng mga publikong rekord at sa pakikipag-usap ukol sa mga ipinatutupad na programa—malaki ang epekto ng wikang Filipino sa pagiging malapit ng pamahalaan sa mamamayan.

Ang Wikang Filipino sa Lehislatibo

Makikita rin sa lehislatibong sangay ng pamahalaan ang kahalagahan ng wikang pambansa. Lahat ng mamamayan ay nakapaloob at dapat sumunod sa sistema ng batas ng Pilipinas.

Ngunit paano magiging makabuluhan ang sistema ng batas kung hindi ito naintindihan ng karamihan sa ating mga kababayan? Paano lubos na magagamit ng mga tao ang mga benepisyong isinasabatas, kung hindi nila ito kagyat na nalalaman?

Paano magiging makatao ang mga batas kung di man lang nila ito nababasa at naririnig sa wika nila?

Hindi aktibong makakalahok ang iba't ibang sektor sa mga programa ng gobyerno kung di nila alam ang mekaniks ng batas. Hindi mababantayan ng mamamayan kung saan napupunta ang kanilang buwis kung di nila naiintindihan ang batas ukol sa gastusin ng pamahalaan. Hindi malalaman ng taumbayan kung ano-ano nga ang mga krimen at paglabag sa kanilang karapatan.

Iminumungkahi, tinatalakay, at ipinapasa ang batas sa wikang Ingles. Kakaunti lang sa mga batas ang isinalin sa wikang Filipino. Mayroon na ngang mga likas na hadlang na nagpapalayo sa sistema ng batas mula sa ating mahihirap na kababayan. Nadaragdagan pa ang mga hadlang na ito ng katotohanang Ingles ang wika ng batas at ng proseso ng pagsasabatas.

Ang Wikang Filipino sa Hudikatura

Madalas nating marinig ang hinaing na napakabagal ng usad ng katarungan dito sa ating bayan. Maraming repormang kailangan sa sangay ng hudikatura, tulad ng pagbibigay ng pantay na turing sa lahat. Sa kontekstong ito pumapasok ang papel ng wikang Filipino sa hudikatura.

Nasa Ingles ang mga proseso ng korte. Pati ang mga desisyon ng Korte Suprema ay nasa Ingles. Hindi madali para sa mahihirap nating kababayan ang

lumapit sa korte. Masalimuot ang proseso ng prosekusyon at pagtatanggol.

Hindi malulutas ng wikang Filipino ang mga suliranin sa sistema ng katarungan. Ngunit kung may mga pagsisikap para gawing malapit sa tao ang ating mga korte, sana kasama dito ang paggamit ng pambansang wika.

Magandang mabanggit na rin ang isang desisyon ng Korte Suprema na isinulat sa wikang Filipino. Isinulat ni Justice Barredo ang kasong *Draculan versus Donato* sa ating wika, kasong katangi-tangi sa malawak na karagatan ng mga desisyong nakatitik sa Ingles.[5] Ano ang halaga nito? Sa pagkakasulat nito sa Filipino, nagiging totoo ang panata ng tinatawag na *due process*—naihahayag ang desisyon sa paraang maiintindihan ng mga partido ang naging batayan ng desisyon.[6]

Ang Wikang Filipino sa mga Pamahalaang-Lokal

Ang mga pamahalaang lokal ang unang mukha ng gobyerno sa karaniwang mamamayan. Mas lalo itong napapatunayan sa labas ng Metro Manila, sa kanayunan, sa mga lalawigang hindi kaagad naaabot ng pamahalaang nasyonal.

Ang mga pamahalaang lokal ang unang hanay ng gobyernong dapat maglingkod sa mga tao. Sila ang una, kung hindi tanging nilalapitan ng maraming Pilipino. Kaya nararapat lang na maging malaganap ang wikang Filipino sa mga transaksiyon at operasyon ng mga pamahalaang lokal.

Ang Pamahalaang Lungsod ng Lipa kung saan nanunungkulan bilang alkalde ang aking asawa, palasak ang paggamit ng wikang Filipino. Marahil hindi ito mahirap gawin dahil sa halos pareho ang rehiyonal na wikang Tagalog sa pambansang wikang Filipino. Isa na rin ito sa naging susi sa pagiging malapit ng pamahalaang lokal sa mga tao.

Ang Wikang Filipino at ang Kaisipang Pilipino

Alam nating lahat na ang ating wika ang daluyan ng kultura at pagkakakilanlan natin bilang mga Pilipino. Nakapaloob sa wika ang iba't ibang idea, kahulugan, at kategoryang ibinibigay natin sa mga bagay-bagay. Nagbabago ang mga ito kapag nag-iiba ang intonasyon, estruktura, at iba pang elemento ng pagsasalita natin. Sa pamamagitan ng wika, naihahayag ang paniniwala, sentimyento, opinyon, pag-unawa, at aspirasyon ng mamamayan. Dahil dito, ang pambansang wika ay isang buhay at dinamikong tagapaglaganap ng ating pagka-Pilipino.

Kitang-kita ito sa industriya ng pelikulang Pilipino. Ang sining ng pelikula at pag-arte ay halimbawa ng kung paano lumalaganap, aktibong ginagamit at pinagyayaman ang kaisipan at wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mga popular na

media tulad ng pelikula, ang wikang Filipino ay umaabot at napapaunlad tulad ng sa mga malalayong rehiyon ng bansa. Sa tulong ng industriya ng pelikula at ng popular na kultura, ang wikang Filipino ay lalong nagiging wika ng masa.

Sa gitna ng rebolusyon laban sa mga Kastila, tinanong ng isang anak ng masa sa wika ng masa: *aling pag-ibig pa ang hihigit kaya sa pagkadalisay at pagkadakila ng pag-ibig sa tinubuang-lupa?* At binuhay ni Andres Bonifacio ang makabayang diwa ng mga Pilipino.

Ang wika ng karaniwang tao ang naging tunay na wika ng pagbabago. Ang wika ng masa ang naging wika ng pagkakaisa.

Dahil ito naman ang puno at sapat na tunguhin ng pagpapalaganap ng wikang pambansa: Ang pagkakaisa, ang pagbabago – sa pamahalaan, sa ating kultura, sa ating lipunan.

Sa wikang Filipino nagkakaisa ang iba't ibang tinig ng ating mamamayan. Sa wikang Filipino mapag-iisa ang pagsisikap natin para sa magandang kinabukasan – para sa lahat.

Mga Tala

[1] Art. 14, Sek. 6-7, Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas.

[2] Pasinayang Talumpati sa Bansa ni Pangulong Joseph Ejercito Estrada, Hunyo 30, 1998.

[3] Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 (Executive Order No. 335), Agosto 25, 1988.

[4] "Implikasyon ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 sa Ebolusyon ng Wikang Filipino," mula sa *Ang Wikang Filipino sa Information Age, Mga panayam ni Ponciano B.P. Pineda*, Ph.D. (1997).

[5] Provincial Fiscal Josefino C. Draculan at 4th Assistant Provincial Fiscal Patricio T. Durian, mga humihiling, vs. Hon. Procoro J. Donato, District Judge, Court of First Instance of Isabela, at Jaime Gumpal, mga pinanagot. G.R. No. L-46027. September 15, 1978.

[6] Sa kasong *Ang Tibay vs CIR* sinabi ang iba't ibang rekisito ng "due process" sa mga administratibong desisyon. Sa ibang mga kaso naman inuulit-ulit ang konseptong ito, para sa mga desisyon ng korte.

Conrado de Quiros

4 Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan

HANGGANG ngayon, hindi ko maintindihan kung bakit kinakausap natin ang ating mga aso sa wikang Ingles. Wala kang maririnig na nagsasabing, "Upo, Bantay, upo," o "Habol, Kidlat, habol." Ang maririnig mo ay "Sit, Rover, sit," o "Fetch, Fido, Fetch." O kung poodle, Fifi. Kung sa bagay, tayo mang mga taong Filipino ay may mga pangalang Rover, Fido, at Fifi, kaya hindi nakapagtatakang pangalanan din natin ang ating mga aso ng ganoon.

Ang nakapagtataka ay kung bakit kinakausap natin sila sa Ingles. Ibig sabihin, kakaiba ba ang korte ng kanilang mga utak at natural silang sumusunod sa mga utos sa Ingles? Ang tinig ba ng Ingles ay hawig sa mga tunog na ginagawa ng silent dog whistle?

Ipauubaya ko sa mga dalubhasa sa sikolohiya ng hayop ang pagpapaliwanag nito. Pero may punto rito. At ang punto ay ito: marami at sarisari ang gamit ng wika; hindi lamang bilang isang paraan ng komunikasyon ng dalawang tao. Sa tingin ko, lubos na simplistiko ang paniniwalang ang wika ay isa lamang kasangkapan sa komunikasyon. Sa tingin ko, lubos na simplistiko ang paniniwalang ang tanging papel na ginagampanan ng wika sa lipunan ay ang pagbibigay-daan sa palitan ng mga idea ng mga tao sa lipunang iyon.

Totoong ang wika ay isa ring paraan o kasangkapan sa komunikasyon. At bagamat isang bahagi lamang ito ng kabuuan ng wika ay malaking bahagi ito. Sa bagay na ito, malaki ang halaga ng Ingles bilang isang paraan ng komunikasyon. May punto ang mga nagsasabi sa atin na hindi natin maaaring kaligtaan ang Ingles. Talaga namang hindi. Ang Ingles ay ang ating susi — o sabi nga ng mga bata, ang ating "connect" — sa mundo. Ito ang ating susi sa pandaigdigang impormasyon. Lalong-lalo na sa panahong ito na masasaksihan natin ang isang "information explosion" na likha ng computers. Malamang ay narinig na ninyo ang Internet, ang pandaigdigang electronic board para sa lahat ng uri ng impormasyon. Sa pamamagitan ng Internet ay maaari nating ma-access pati na ang US Library of Congress at mag-research doon. Maaari rin tayong makapanood ng sine o makakita ng retratong bomba. Walang MTRCB sa Internet.

Pero kailangan pa rin ang Ingles para mapakinabangan ang mga biyayang ito. Bagamat ang mga computer programs ay nagiging mas graphic na kaysa word-based—gumagamit ng icons kaysa salita—kailangan pa ring magbasa kahit katiting. At ang iskrip ay Ingles. Bukas ang information highway sa anumang uri ng sasakyan, kahit kariton, pero nakasulat sa Ingles ang mga signs sa kalye. Pag hindi tayo marunong mag-Ingles, mawawala tayo sa kalye. At talaga namang pagkalalawak ng mga kalye rito.

Pero huwag nang isipin ang Internet; isipin na lang ang simpleng paglalakbay. Kailangan pa rin ang Ingles—maliban na lamang kung sa Pilipinas ka lang maglalakbay. At kung tutuusin, hindi bale na rin ang paglalakbay sa mundo—o ang pisikal na paglalakbay sa mundo na maaaring magawa ng iilang Filipino lamang. Isipin na lang ang paglalakbay ng isip na magagawa sa pagbabasa, panonood ng sine, at pakikinig ng balita. Kailangan pa rin ng Ingles—liban na lang kung ang panonoorin lang ay mga sine ni Silvester Stallone.

Walang duda na kailangan natin ang Ingles. Walang duda na mahalaga ang Ingles. Subalit, dito man ay marami nang mga maling akala tungkol sa kahalagahan ng Ingles. Isa sa mga maling akalang ito ay ang paniniwalang ang Ingles ay ang susi sa kaunlarang pang-ekonomiya. Ito ang paboritong argumento ng mga nagtataguyod ng Philippines 2000.

Pinabubulaanan ito ng Thailand. Mahirap kumilos sa Bangkok hindi lamang dahil sa ang sulat dito ay sulat-bulate, ayon nga sa isang kaibigan, kundi dahil iilan lamang ang marunong mag-Ingles. Iba pa kung paano nila bigkasin ang Ingles, na talaga namang papawisan ka ng dugo bago mo maintindihan. Kahit na hotel clerks ay hindi makapag-Ingles nang diretso. Ang pinakamadaling paraan para makapagtalastasan sa mga taxi driver at tindero ay sign language.

Gayumpaman, ang Thailand ay isang tigre, samantalang tayo, na ipinangangalandakan ang ating Ingles, ay isang basang-sisiw lamang. Ayon kay Peter Limqueco, isang kaibigan na nag-eedit ng isang diyaryo sa Bangkok, pumapangalawa lamang ang Thailand sa Japan sa computer technology sa Southeast at South Asia. Makikita ang ebidensiya ng kaunlaran sa Bangkok—sa mga gusali, sa mga skyway, sa mga pagawaan. Ang kaunlaran dito, ayon kay Peter, ay hindi sinusukat sa taon kundi sa buwan. Mawala ka lang nang ilang buwan ay nagbago na ang hitsura ng lugar.

Bale ba, bagamat hindi marunong mag-Ingles ang mga Thai ay higit na maunlad ang kanilang turismo kaysa atin. Ihambing mo ang turismo nila at turismo natin at parang pinaghahambing mo ang daga at elepante. Ang bilang ng mga turistang pumapasok sa atin sa isang taon ay ang bilang ng turistang pumapasok sa Thailand sa isang **buwan**. Malinaw na ang mga tao ay bumibisita sa ibang bansa hindi dahil sa kaalaman ng mga mamamayan doon sa Ingles.

Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa

UNANG SOURCEBOOK NG SANGFIL 1994-2001

Benilda S. Santos
Patnugot

Sanggunian sa Filipino
UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman
National Commission for Culture and the Arts

Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa:
Unang Sourcebook ng SANGFIL 1994-2001

©2003 Benilda S. Santos; Sanggunian sa Filipino; Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, Unibersidad ng Pilipinas; at Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining. Hindi maaaring kopyahin ang alinmang bahagi ng aklat na ito sa alinmang paraan—graphic, electronic, mechanical—nang walang nakasulat na pahintulot sa mga mayhawak ng karapatang-ari.

Unang limbag, 2003

Benilda S. Santos, *patnugot*
Gerard Rey A. Lico, *tagadisenyo ng aklat at pabalat*

The National Library of the Philippines CIP Data

Recommended entry:

Ang Wikang Filipino sa loob at labas ng akademya't bansa : unang sourcebook ng SANGFIL, 1994 - 2001 / Benilda S. Santos, patnugot. - Quezon City UP-SWF, c2003.
1v
Filipino text.

1. Filipino language – History and criticism.
I. Santos, Benilda S. II. University of the Philippines, Sentro ng Wikang Filipino

PL6001.5 499.211 2003 P034000005
ISBN 971-635-015-5

Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining
633 General Luna Street, Intramuros, 1002 Manila
Tel. 527-2192 to 98 / Fax 527-2191 and 94
email: info@ncca.gov.ph / webiste: www.ncca.gov.ph

Sentro ng Wikang Filipino-Diliman
Tomas Pinpin Hall, IMC Compound
A. Maria Regidor St., Area XI, UP Campus
Diliman, Lungsod Quezon
Telefax: 924-4747 / 426-5838
Telepono: 920-5301 lokal 7602/7604

NILALAMAN

Introduksiyon 1

I Unang Bahagi
Ang Wikang Filipino sa Lipunan at Mundong Postmoderno 7

1 Ang Usapin sa Wika at Panitikang Filipino at ang Paglahok ng Pilipinas sa Globalisasyon 11
Bienvenido L. Lumbera

2 Politika ng Wika, Wika ng Politika 15
Randolf S. David

3 Ang Wikang Filipino ay Wika ng Pagbabago: Ang Wikang Filipino sa Pamahalaan 23
Ralph G. Recto

4 Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan 28
Conrado de Quiros

5 Ang Filipino sa Internet 34
Isagani R. Cruz

6 Ang Wikang Filipino sa Negosyo at Industriya 39
Ramon Bermejo

7 Ang Wikang Filipino sa Media 42
Gilda Olvidado

8 Mga Saliksik sa Batas at Politika 50
Cezar Peralejo

9 Nasyonalisasyon ng Filipino 65
Virgilio S. Almario